Pangalan: Michael “Mujahid” Macapagal Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Hasad o Inggit
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِل فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, nais kong magsimula sa pagbabahagi sa inyo ng isang maikling kwento: May isang lalaki na nangarap na magkaroon ng malaki at magandang bahay na puno ng magagandang kagamitan para sa kanyang pamilya. At upang maabot niya agad ang kanyang pangarap, kailangan niya ng trabahong mas mataas ang sahod kaya’t siya ay nag-desisyon na magtrabaho sa ibang bansa. Siya ay nag-sakripisyo nang mahabang panahon para maisakatuparan ang kanyang hangarin. Nagsumikap siya nang husto at nangyari nga ang kanyang pangarap. Nakapagpatayo siya ng magandang bahay at nakapagpundar ng mga gamit. Pinuno niya ito ng mga magagandang furnitures at mga appliances. At sa wakas, sa kanyang pagbabalik mula sa abroad ay natamasa niya ang mga bagay na ito bunga ng kanyang pagsusumikap.

Ngunit isang araw, nang siya ay namasyal kasama ang kanyang buong pamilya, ay naiwan niyang bukas magdamag ang isa sa mga electrical appliances. Nag-overheat ito at nasunog, nadamay ang ibang kagamitan at kumalat ang apoy hanggang sa matupok ang buong kabahayan. At sa pagbalik ng pamilya mula sa pamamasyal, sila ay nanlumo. Ang lalaki ay lubhang nalungkot. Lahat ng naipundar niya sa mahabang panahon ay naglahong lahat. Nilamon ng Apoy! Nang dahil sa isang pagkakamaling naiwan niyang bukas ang isa sa mga appliances kaya nag-overheat. Dahil sa hindi siya naging maingat, lahat ng naipundar niya ay “Nilamon ng Apoy!!!” Lahat ng pinaghirapan niya sa loob ng mahabang panahon para makapagpatayo ng pangarap niyang bahay, kasama ang kanilang mga gamit na naipundar ay nawala na lamang sa isang iglap. “Nilamon ng Apoy!!!”

Si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi sa isang Hadeeth na inulat ni Abu Hurayrah (radhiyallahu ‘anhu) na may isang bagay na tulad ng apoy na kayang lamunin ang mabubuting bagay na inipon natin para sa ating sarili. Siya ay nagsabi,

إِيَّاكُمْ وَالْحَسَدَ، فَإِنَّ الْحَسَدَ يَأْكُلُ الْحَسَنَاتِ كَمَا تَأْكُلُ النَّارُ الْحَطَبَ. (أَخْرَجَهُ أَبُو دَاوُدَ)

“Iwasan ninyo ang inggit sapagkat ito ay sumisira sa kabutihan katulad ng apoy na tumutupok sa kahoy na panggatong.” (Inulat ni Abu Dawud)

Ito ay ang “Hasad” o “Inggit” na inihalintulad ni Propeta Muhammad Sallallahu alayhi wa sallam sa isang Apoy!

Ang “Masamang Inggit” na sumisira sa kabutihan ay isang pangit na ugali, sapagkat tinututulan nito ang pagbibigay ni Allah ng biyaya sa Kanyang mga alipin. Kinamumuhian nito na nakakatanggap ng magagandang bagay ang kanyang kapatid. At hindi rin siya masaya kapag nagtatagumpay ang iba. Ang “Masamang Inggit” ay pinapangarap ng isang tao na maglaho ang biyayang ibinigay ni Allah sa kanyang kapatid. Siya ay naghahangad na mawala ang magagandang bagay ng ibang tao at ninanais niya na ang mga ito ay mapunta lamang sa sarili niya. Ayaw niya na may mabiyayaang iba, sapagkat ito ay nagiging sanhi ng kanyang pagkadismaya. Gusto niya na siya lamang ang mayroon nito. Ayaw niya ng may kahati. Kapag may mabuting nangyayari sa iba, siya ay naiinis at kung kabiguan naman ang dumating sa kapwa niya, siya ay natutuwa. Nais niyang siya lamang ang magtagumpay; isang ugaling makasarili.

Bilang katanungan sa ating mga sarili, paano malalaman kung mayroon tayong Hasad? Paano malalaman kung mayroong inggit sa ating puso? May nakita tayong tao na binigyan ni Allah ng biyaya o tagumpay, at ano ang sinabi ng puso natin, ano ang ating naramdaman? Tayo ba ay natuwa, o nalungkot, nainis, nagalit? Ano ang naramdaman natin? Kung tayo ay nalungkot, nainis o nagalit, iyan ay tanda ng “Masamang Inggit!” At ano ang ating magagawa kung ang bagay na ito (na makamundong bagay na biyaya, na kinaiinggitang makuha) ay ibinigay ni Allah sa kanya. May magagawa ba tayo? Mapipigilan ba si Allah na ipagkaloob Niya ito sa sinumang kanyang naiisin? Hindi ba’t wala? Sakit lamang ng puso ang ating makukuha, kung mayroon tayong maling paghahangad. Masasaktan lamang ang ating mga sarili, sapagkat ang makukuha natin ay inggit, na nagreresulta ng galit, poot, pagkadismaya, kalungkutan, sakit ng puso at sisirain nito ang kabutihang mayroon tayo. Sa huli ay hahantong lang tayo sa pagkalugi!

Ang “Masamang Inggit” ay hindi biro. Ito ay maaaring sumira hindi lamang ng ating sarili, kundi na rin sa ating kapatiran bilang mga Muslim at

maaaring ito rin ay maging dahilan ng hindi tayo agad makapasok sa Paraiso. Bakit? Kung may masama tayong inggit sa isang kapatid, hindi maiiwasan na baka makapagbitaw tayo ng pangit na salita laban sa kanya at maaaring humantong sa paninirang puri, at kung inabutan tayo ng kamatayan na nasa ganoong kalagayan na hindi nakahingi ng tawad sa kapatid na Muslim, sa kabilang-buhay sa Yawmul-Qiyamah ay sisingilin tayo nito, at hindi tayo papapasukin sa Paraiso hangga’t hindi natin ito pinagbabayaran. Matakot tayo kapatid. Matakot tayo kay Allahu Ta’ala! Kaya’t huwag hayaang lamunin ng “Masamang Inggit” ang lahat ng kabutihan na mayroon tayo. Ingatan ang puso laban sa Inggit!

At bakit inihalintulad ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ang masamang inggit sa isang apoy na tumutupok ng kahoy? Sapagkat, tulad ng lalaki sa pambungad na kwento, ang lahat ng pinaghirapan niya ay nilamon ng Apoy! Ang lahat ng kanyang ipinundar sa loob ng mahabang panahon ay nawala na lamang sa isang iglap. Nilamon ng Apoy!

Ganito rin ang gawain ng inggit na sumisira sa lahat ng kabutihan na iniipon natin sa sarili. Protektahan ang puso mga kapatid, sapagkat ang masamang inggit ay parang apoy na kaya nitong lamunin ang lahat ng kabutihan sa puso natin. Ito ay seryosong babala sa atin ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na tunay na sisirain ng inggit ang lahat ng kabutihan na mayroon tayo. Hasad! Kaya’t iwasan natin ang inggit! Iwasan ang masamang inggit! Iwasan ang masamang inggit na sumisira sa kabutihan na tulad ng apoy na tumutupok sa kahoy!!!

Lahat tayo, na minsan sa buhay natin ay may pagkakataong malungkot at madismaya, sapagkat may mga bagay tayong hindi makamit o makuha. Ngunit huwag natin itong kainggitan sa iba, bagkus ipanalangin natin, hingin natin kay Allahu Ta’ala. Maaaring ibigay niya kaagad ang hinahangad natin, at maaari rin namang hindi pa sa ngayon, maaaring bukas, o sa makalawa, o sa isang taon, o sa ibang panahon. At kung sakali mang hindi Niya ibigay, laging tandaan na may magandang plano Siya para sa atin. Ang mga plano Niya ay laging nakahihigit kaysa sa iniisip natin at ang mga ito ay laging makabubuti para sa lahat ng Kanyang mga alipin!

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ الْمُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, kung may maramdaman tayong inggit sa isang kapatid, mainam na bumati ng Salam sa kanya at makipagkamay, sapagkat ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

إِنَّ المُؤْمِنَ إِذَا لَقِيَ المُؤْمِنَ فَسَلَّمَ عَلَيهِ ، وَأَخَذَ بِيَدِهِ فَصَافَحَهُ تَنَاثَرَتْ خَطَايَاهُمَا كَمَا يَتَنَاثَرُ وَرَقُ الشَّجَرِ. (السلسلة الصحيحة/526)

“Katotohanan, kapag ang isang mananampalataya ay nakatagpo ng kapwa mananampalataya, binati niya ng kapayapaan at nakipagkamay sa kanya, ang mga kasalanan nila ay malalagas tulad ng mga dahong nalalagas mula sa puno.” (Al-Silsilah As-Saheehah/526)

Siya rin ay nagsabi: (رواه البخاري) تَهَادُوا تَحَابُّوا. “Magbigayan kayo ng regalo at mamahalin ninyo ang isa’t isa.” (Inulat ni Al-Bukhari)

Ang mga Hadeeth na ito ay nagbibigay paalala na ang mga pagbati ng Salam, pakikipagkamay, at pagbibigay ng regalo ay tumutulong sa paghupa ng galit at nag-aalis ng inggit, at nagpapadalisay ng ating mga puso.

Kung may masamang inggit ay may mabuti rin namang inggit. Sinabi ng Propeta (sallallahu alayhi wa sallam):

لَا حَسَدَ إِلَّا فِي اثْنَتَيْنِ: رَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ مَالًا فَسُلِّطَ علَى هَلَكَتِهِ فِي الحَقِّ، ورَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ الحِكْمَةَ فَهو يَقْضِي بهَا ويُعَلِّمُهَا. (رواه البخاري)

“Walang nararapat na kaiinggitan maliban sa dalawang bagay: Ang isang lalaking pinagkalooban ni Allah ng kayamanan, pinahintulutan Niya ito na gugulin sa karapat-dapat, At ang isang lalaking pinagkalooban ni Allah ng karunungan, siya ay humahatol dito at nangangaral.” (Inulat ni Al-Bukhari)

Hindi lahat ng inggit ay masama. May “Mabuting Inggit” na ipinahintulot at ito ay mainam:

(A) Una ay ang inggit sa “Paghahangad ng biyayang tulad ng Kayamanan” na iginugugol lamang sa kabutihan, sa kawanggawa at sa landas ni Allah, tulad ng pagpapatayo ng mga Masjid, pagtulong sa mga mahihirap, pagpapakain sa mga kapatid na Muslim, at pagbibigay ng pinansyal na tulong sa mga Islamic Center para sa pagpapalaganap ng Da’wah.

(B) Ikalawa, ang inggit sa "Paghahangad ng Kaalaman" na kapaki-pakinabang sa kapwa upang kanyang isabuhay at ituro din sa iba, tulad ng pagiging professional na maaaring isang manager, engineer o skilled worker na nakagawa ng mga projects at nakinabang ang buong kumunindad. O kaya'y isang doktor o medical worker na tumutulong para malunasan ang mga karamdaman ng mga may sakit. At isang pantas o mangangaral na binigyan ni Allah ng kaalaman sa Batas ng Islam, o ng tamang pagbasa ng Qur-an at isinaulo ito, isinapuso, kanyang isinabuhay at itinuro rin ang mga kaalamang ito sa iba. Nagturo ng kabutihan at umakay ng mga tao sa Islam. Ito ang dalawang uri na karapat-dapat na kinaiinggitan.

At bakit ito nararapat kainggitan? Sapagkat wala itong paghahangad na mawala ang mga bagay na ito sa kanyang kapwa at wala rin itong halong pagkasuklam. At napakalaki ng gantimpala na ibibigay ni Allah sa sinumang namamahagi ng mga biyayang ito sa iba.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***